

| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | | Grade Level: | III |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | File Created by DepEd Click | Learning Area: | ARALING PANLIPUNAN |
| | Teaching Dates and Time: | October 3-7, 2022 (WEEK 7) | Quarter: | 1ST QUARTER |

| | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| **I OBJECTIVES** | | | | | |
| A. *Content Standard* | Naipamamalas ang pang-unawa sa kinalalagyan ng mga lalawigan sa rehiyong kinabibilangan ayon sa katangiang heograpikal nito. | | | | |
| B. *Performance Standard* | Nakapaglalarawan ng pisikal na katangian ng mga lalawigan sa rehiyong kinabibilangan gamit ang mga batayang impormasyon tungkol sa direksiyon ,lokasyon,populasyon,at paggamit ng mapa. | | | | |
| C. *Learning Competency/s:* | Natutukoy ang mga lugar na sensitibo sa panganib batay sa lokasyon at topographiya nito. **AP3LAR- Ig-h-11** | | | | Lingguhang Pagtataya |
| **II CONTENT** | Mga Lugar na Sensitibo sa Panganib Batay sa Lokasyon at Topograpiya<br><br>Sa araling ito, inaasahang:<br>1. natutukoy ang mga lugar na sensitibo sa panganib batay sa lokasyon at topograpiya nito (AP3LAR- Ig-h-11);<br>2. nagagawa ang mga hakbang bilang paghahanda sa mga posibleng sakuna sa sariling lalawigan at rehiyon; at<br>3. napahahalagahan ang pagiging handa sa mga panganib na maidudulot ng lokasyon. | | | | |
| **III. LEARNING RESOURCES** | | | | | |
| ***A. References*** | | | | | |
| *1. Teacher's Guide Pages* | | | | | |
| *2. Learner's Materials pages* | | | | | |
| *3. Text book pages* | | | | | |
| *4. Additional Materials from Learning Resources* | Laptop, tsart, larawan, LED TV , puzzle, concept map | | | | |
| ***B. Other Learning Resources*** | | | | | |
| ***IV. PROCEDURES*** | | | | | |
| | **SUBUKIN**<br><br>Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.<br>1. Ang mga nakatira sa mga matataas na lugar ay mapanganib sa _________.<br>A. baha<br>B. tsunami<br>C. pagguho ng lupa | **TUKLASIN**<br><br>Ang topograpiya ay tumutukoy sa kabuoang pisikal na katangian ng isang lalawigan. Inilalarawan nito ang porma, ayos, daloy at hugis ng anyong lupa o anyong tubig na makikita sa isang lalawigan. Sa pag-aaral na ito, madaling malaman ang mga panganib na lugar at mapaghahandaan ng | **PAGYAMANIN**<br><br>Isulat ang salitang TAMA kung ito ay nagpapakita ng wastong pahayag, MALI naman kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.<br>1. Mahalagang malaman ang mga panganib na lugar sa ating kapaligiran.<br>2. Ang mga lugar na sensitibo sa panganib ay hindi dapat bigyang-halaga. | **Isagawa** | Lingguhang Pagtataya |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | D. pagsabog ng bulkan<br>2. Anong lugar ang may pinakamalaking antas ng paglindol?<br>A. malayo sa fault line<br>B. malapit sa fault line<br>C. eksakto ang layo sa fault line<br>D. masyadong malayo sa fault line<br>3. Binigyang babala ang mga nakatira sa dagat kung magkaka -tsunami o tumaas ang tubig dagat, anong dapat gawin?<br>A. makikinig ng balita sa radyo<br>B. maglalaro sa labas ng bahay<br>C. magtatampisaw sa tubig-ulan<br>D. manonood ng palabas sa telebisyon<br>4. Anong panganib ang maidudulot ng malakas na ulan?<br>A. baha<br>B. lindol<br>C. sunog<br>D. Tsunami<br>5. Nakatira ang pamilya ni Mang Estong malapit sa bundok. Malakas na ang agos ng tubig mula sa bundok. Sila ay _____<br>A. maglaro sa ulan<br>B. lumikas na kaagad<br>C. manatili na lamang sa bahay<br>D. maglaro ng putik mula sa bundok | mga tao ang posibleng maidudulot nitong sakuna.<br><br>http://bagyo.ph/wp-content/uploads/2012/12/tcsatellite.gif(Retrieved 05-08-2017)<br><br>http://www.mindanews.com/wp-content/uploads/2012/12/12pablo3.jpg (Retrieved 05-08-2017)<br>**Bagyong Pablo, Nanalanta sa Rehiyon XI**<br>Disyembre 4, 2012 ay araw na hindi malilimutan kailanman ng mga naninirahan sa lalawigan ng Davao de Oro at Davao Oriental. Sa hindi inaasahang lawak ng pinsala sa buhay at mga ari-arian, ang mga naninirahan sa mga lalawigang ito ay lubos ang pighati matapos bagyuhin ng isa sa mga pinakamalalakas na bagyo sa kasaysayan, ang Bagyong Pablo. Ang pinakamatinding nasalanta ng bagyo ay ang bayan ng Baganga, Caraga, Cateel sa Davao Oriental, Monkayo at New Bataan sa Davao de Oro.<br>Mapanganib ang dulot ng kalamidad at nangangailangan ng paghahanda upang maiwasan ang masamang dulot nito. Dahil napapaligiran ang ating bansa ng malalaking tubig, mataas ang posibilidad na magkaroon ng tsunami at **tidal wave** sa mga lugar na malapit sa baybayin. Kinakailangang lumikas ang mga naninirahan sa isang ligtas na lugar. Inaasahang rin ang paglikas ng mga taong naninirahan na malapit sa bundok sa panahon ng malakas na ulan upang maiwasan ang pagguho ng lupa. Ilan lamang ito sa mga paghahanda upang maiwasan ang mga masamang pinsalang hatid nito sa ating buhay at ari-arian.<br>**Mga Panganib Batay sa Lokasyon at Topograpiya**<br>Nagbabago ang daanan at lakas ng mga bagyo. Mapanganib ang bagyo lalong-lalo na sa mga lugar na malapit sa dagat at matataas na bahagi ng lupa. Dapat alamin ang lokasyon at topograpiya ng mga lugar sa ating rehiyon upang maiwasan ang panganib. Ang buong bansa ay nakatuntong sa na tinatawag na **Pacific Ring of Fire**, kaya maraming lugar ang may aktibong bulkan na pinagmulan ng paggalaw ng mga kontinente. Ang dulot nito ay ang karaniwang nararanasan nating lindol sa iba't ibang lugar sa bansa. Bagaman hindi malalaman kung kailan magkakaroon ng lindol, nararapat pa rin nating maghanda para maiwasan ang malaking pinsala. | 3. Mababa ang antas ng pagguho sa lupa ng mga taong nakatira sa bundok.<br>4. Gumagamit ng isang uri ng mapa upang matukoy ang mga panganib na lugar sa bansa.<br>5. Manatiling laging handa sa anomang mga sakuna o kalamidad. | Masdan at pag-aralang mabuti ang mapa ng Pilipinas.<br><br>1. Saang bahagi ng Pilipinas ang may pinakamaraming bilang ng naranasang bagyo sa buong taon?<br>A. Gitnang bahagi<br>B. Hilagang bahagi<br>C. Kanlurang bahagi<br>D. Katimugang bahagi<br>2. Anong panganib ang ipinakikita ng mapa sa ating bansa?<br>A. baha<br>B. lindol<br>C. bagyo<br>D. pagguho ng lupa<br>3. Mula sa ipinakitang larawan, anong paghahanda ang gagawin mo?<br>A. maglinis ng bakuran<br>B. magtanim ng mga puno<br>C. magsunog ng mga gulong<br>D. mag-igib ng maraming tubig<br>4. Ano ang iyong gagawin kung paparating na ang bagyo sa iyong lalawigan?<br>A. lilinisan nang maigi ang buong bahay<br>B. lilikas at pupunta sa evacuation center<br>C. tatalian ng lubid ang bintana ng bahay<br>D. tatago sa loob ng kwarto ng buong araw<br>5. Ano ang iyong mga hakbang para sa iyong kinabilangang lalawigan mula sa ipinakitang mapa?<br>A. iwasan ang paggamit ng teknolohiya<br>B. pagyamanin ang ugnayang panlabas | |

**Gawain ng Tao at ang Panganib Batay sa Lokasyon at Topograpiya**

Sa pananalanta ng bagyong Pablo, naipakita ng mga mamamayan ang pagtutulungan at pagdadamayan sa panahon ng kalamidad. Maraming mamamayan ang tumulong upang ilikas ang mga nasalantang kababayan. May mga nagbigay rin ng mga donasyon upang maiparating ang kanilang tulong at pagpapahalaga sa kapwa.


Gayunpaman, ayon sa **National Disaster Coordinating Council** (NDCC), maraming mamamayang naninirahan sa mga bayan ng Davao de Oro, Davao Oriental, at mga karatig bayan ang labis na naapektuhan ang kabuhayan dulot ng kalamidad. Batay sa pagsusuri, ang **deforestation** ay isa sa mga hindi tamang gawain ng mga tao na nakapagdudulot ng kalamidad.

Mahalagang malaman ang mga panganib na maaaring dulot ng pang-aabuso sa kapaligiran. Pansinin ang **Flood Hazard Map** at ang **Landslide Prone Area Map** sa iyong bayan. Sa mga mapang ito, makikita ang posibilidad ng pagkakaroon ng sakuna sa iba't ibang lugar.


Saang lugar sa Davao Region ang hindi gaanong binabaha o kaya'y nagkakaroon ng **landslide** kapag malakas ang pag-ulan? Saan naman madalas nagkakaroon ng pagguho ng lupa tuwing tag-ulan? Ano ang mga impormasyon ang maaari pang makita sa mga mapang ito?

Bukod sa panganib ng bagyo, mapanganib din ang lindol. Sa palagay mo, ano ang mga lalawigan sa ating rehiyon na bahagi ng **fault line** na kadalasang nakakaranas ng mga paggalaw ng lupa.? Ano ang dapat gawin upang maiwasan ang sakuna tuwing may lindol?

A. Mga Lalawigan sa Davao Region na Apektado ng Lindol




B. Mga Lalawigan sa Davao Region na Apektado ng Pagbaha




Pag-aralan ang mapa sa iba't ibang lalawigan ng Davao Region na apektado ng lindol at pagbaha. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Alin sa sumusunod ang nakaranas ng mataas na antas ng paglindol?
A. Davao City
B. Davao Oriental
C. Davao del Norte

C. panatilihin ang mga nakagisnang gawain
D. suportahan ang mga plano ng lokal na pamahalaan

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | D. Davao Occidental<br>2. Anong lugar ang nakaranas ng katamtamang antas ng paglindol?<br>A. Davao City<br>B. Davao Oriental<br>C. Davao del Norte<br>D. Davao Occidental<br>3. Alin sa mga lugar na ito ang hindi nakararanas ng mababang antas ng paglindol?<br>A. Davao City<br>B. Davao de Oro<br>C. Davao del Sur<br>D. Davao del Norte<br>4. Alin sa mga bayang ito ang nakaranas ng mataas na antas ng pagbaha?<br>A. Laak<br>B. Mabini<br>C. Manay<br>D. Caraga<br>5. Anong lugar ang nakaranas ng mababang antas ng pagbaha?<br>A. Boston<br>B. Cateel<br>C. Mabini<br>D. Banganga | | | |
| | **BALIKAN**<br><br>Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.<br>1. Anong anyo ng tubig ang higit na nakatutulong sa turismo ng Island Garden City of Samal?<br>A. ilog<br>B. talon<br>C. dagat<br>D. karagatan<br>2. Alin sa sumusunod ang madadaanan papuntang Davao | **SURIIN**<br><br>Mahalagang malaman kung ano ang mga panganib na naidudulot ng kapaligiran. Kailangang mapaghandaan at maiwasan ang anomang sakunang maaaring maidulot nito. Sa pagtukoy ng mga lugar sa bansa na sensitibo sa panganib ay gumagamit tayo ng iba't ibang uri ng mapa. Ang hazard map ay may mga palatandaan kung anong mga | **Isaisip**<br><br>Ang kalamidad, mga panganib, at sakuna ay itinuturing na mga pangyayaring nagdudulot ng malaking pinsala sa kapaligiran, ari-arian, kalusugan, at ng mga tao sa pamayanan.<br>Ang paggamit ng iba't ibang uri ng mapa ay nakatutulong sa pagtukoy ng mga lugar na sensitibo sa panganib batay sa lokasyon at topograpiya. | **TAYAHIN**<br><br>Basahin at unawaing mabuti ang bawat pahayag. Lagyan ng tsek (/) kung ito ay nagsasaad ng wastong pahayag, ekis (x) naman kung hindi sa sagutang papel.<br>________1. Ang mga lugar na malapit sa baybayin ay mapanganib sa bagyo at tsunami.<br>________2. Nalalaman ang panganib dulot ng baha gamit ang Flood Hazard Map.<br>________3. Ang mga lugar na sensitibo sa panganib ay hindi dapat bigyang halaga. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Oriental magmula Davao del Norte?<br>A. paanan ng Mt. Apo<br>B. mahabang ilog ng Davao<br>C. kapatagan ng Banaybanay<br>D. bulubunduking bahagi ng Davao Occidental<br>3. Ano ang kadalasang hanapbuhay ng mga taong nakatira sa paanan ng Mt. Apo?<br>A. pananahi<br>B. pagtatanim<br>C. pangingisda<br>D. pangangalakal<br>4. Anong panganib ang posibleng haharapin ng mga taong nakatira sa Little Boracay Beach ng Davao Occidental?<br>A. pagtaas ng tubig<br>B. pagguho ng mga gusali<br>C. pagkapal ng puting usok<br>D. pagdaloy ng mga kumukulong putik<br>5. Ano kaya ang maaaring gawin para mailayo sa kapahamakan ang mga nakatira sa bulubunduking bahagi ng Davao de Oro?<br>A. turuan ang mga tao ng wikang banyaga<br>B. mahalin ang mga bata ng bawat pamilya<br>C. taniman ang paligid ng mga punongkahoy<br>D. ayusin nang maigi ang mga palamuti sa bahay | lugar ang apektado laban sa mga panganib.<br>Ginagamit ito sa pagtukoy sa mga likas na panganib gaya ng paglindol, pagbaha, pagguho ng mga lupa o landslide at maging sa pagsabog ng bulkan. | | ________4. May mataas na antas sa pagguho ng lupa ang mga nakatira sa bundok.<br>________5. Ang lokasyon at topograpiya ng isang lugar ay may kaugnayan sa kalamidad na maaaring mangyari.<br><br>**Karagdagang Gawain**<br><br>**Gawain A**<br><br>Basahin ang mga sitwasyon sa ibaba. Magtanong sa mga magulang o nakatatandang kapatid kung ano ang nararapat gawin sa sumusunod na sitwasyon.<br>1. Paparating pa ang bagyo<br>2. Sa panahon ng bagyo<br>3. Pagkatapos ng bagyo<br><br>Gawain B<br><br>1. Gumupit ng mga larawan ng iba't ibang kalamidad na naganap sa ating rehiyon at ibang rehiyon gaya ng bagyo, lindol, landslide at baha.<br>Sa ibaba ng bawat larawan, isulat kung paano maiiwasan ang naturang kalamidad. Isulat kung gaano kahalaga ang paghahanda sa mga paparating kalamidad. | |
| ***V. REMARKS*** | | | | | |
| ***VI. REFLECTION*** | | | | | |
| *A. No. of learners who earned 80% on the formative assessment* | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| *B. No. of Learners who require additional activities for remediation* | | | | | |
| *C. Did the remedial lessons work? No. of learners who have caught up with the lesson.* | | | | | |
| *D. No. of learners who continue to require remediation* | | | | | |
| *E. Which of my teaching strategies worked well? Why did these work?* | | | | | |
| *F. What difficulties did I encounter which my principal or supervisor can help me solve?* | | | | | |
| *G. What innovation or localized materials did I use/discover which I wish to share with other teachers?* | | | | | |